The Lord's Flock

THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

## "Lubos Kang Pinagpala"

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
October 7, 2020

Gustong-gusto nating lahat ang maka-ungos, mauna kung humihingi ng tulong o pabor para mapadali ang ating buhay. Ngunit, madali nating nakalimutan na tayo ay itinangi simula pa ng tayo'y isinilang. Pahalagahan natin ang lahat ng mga bagay mula sa Diyos maliit man o malaki na Siyang nagbigay sa atin ng karangalan at kaluwalhatian (Awit 8:4-6).

**Mga tauhan sa Bibliya na pinagpala:**
Pinagpapala ng Diyos ang mabuting tao (Kaw 12:2):
1. Joseph. Kasama niya ang Diyos at lagi siyang itinataas saan man siya magpunta (Gen. 39:23).
2. Job. Nakapasa siya sa lahat ng pagsubok ni satanas; kaya't biniyayaan siya ng Diyos (Job 1:8).
3. Daniel. Punong-puno siya ng kahanga-hangang diwa dahil sa kanyang katapatan sa pagdadasal (Dn.6 ; Dn. 10).

**Papaano natin mararanasan ang mga biyaya ng Diyos?**

**1.Laging isa-isip ang mga biyaya ng Diyos.**
Bilang anak ng Diyos, mamuhay tayo na may tiwala at magpakita ng tapang sa pagpapalaganap ng salita ng Diyos, at umasa ng magagandang bagay mula sa Kanya (Jn. 1:12). Ibibigay Niya ang lahat ng ating kailangan (Fil 4:19).

**2. Palaguin ang personal na relasyon sa Diyos.**
Pare-parehas ang tingin ng magulang sa bawat anak, ngunit kung sino sa kanila ang gumugugol ng maraming oras ay siyang binibigyan ng higit na biyaya. Ganito rin ang Diyos: hanapin natin Siya at paunlarin natin ang ating relasyon sa Kanya sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa Kanya sa pagdadasal, pag-aaral ng Kanyang salita at pagmamahal sa Kanya.

**3. Hanapin Siya.**
Tulad ni Jesus, paunlarin natin ang paraan ng ating pagdadasal. Ipinakiusap ni Pablo na magdasal tayo (1Tim 2:1-4) at magpasalamat tuwi-tuwina.

**4. Ingatan ang Salita ng Diyos**
Ang banal na kasulatan ay tulad ng mapang pangkalsada: taga-gabay, taga-wasto, at taga-saway. Nakalahad ang plano ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang salita, susi ito sa tagumpay at ginhawa (Josh, 1:8).

**5. Sabihin ang pinaniniwalaan**
Ipamalita ang mga biyaya ng Diyos, ipagtapat ang mga inaasam-asam at sabihin ang kaluwalhatian ng Diyos. Kung itataguyod natin ang Diyos, ibabalik Niya ang mas marami pang biyaya; para mabigyan natin Siya ng kaluwalhatian.

**6. Kumilos nang may pananalig**
Mamuhay ayon sa pananalig sa Diyos. (2Cor.5:7). Maniwala na bibiyayaan Niya tayo at iingatan saan man dako paroroon (Awit 91:11).

**7. Tumalima sa Kanyang mga kautusan**
Kung tatalima tayo sa mga utos ng Diyos, uulanin tayo ng pagpapala at ibabantog tayo saan man tayo mapunta (Jn 15:4; Deut 28:1-6).

**8. Iwaksi ang mga negatibo, talunan, makitid, at mapanirang pag-iisip.**
Piliin ang laman ng ating isip, dahil kung ano ang iniisip iyon ang nagiging salita at kilos. Pinaalala ni Pablo na huwag mabalisa, ito ang pipigil sa pagdaloy ng mga biyaya mula sa Diyos (Fil 4:5-8).

Isaisip natin na paboritong anak tayo ng Diyos. Mahalagang mabago ang ating isip para malaman natin ang kalooban ng Diyos. Magdasal, tumalima sa Diyos, at kumapit sa Kanyang mga pangako.

**Pagninilay:**
1.Sinasamantala ba ninyo ang umaapaw na mga biyaya ng Diyos? Paano natin naibabalik ang mga biyayang ito o naibabahagi sa lahat?
2. Naaalala mo pa ba ang mga naunang biyayang natanggap mo kung ang mga inasam-asam mo ay hindi pa natutupad?

**Isinalin ni:**Sis. Nida Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni: Sis Vera I. Tuplano**
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmateri